## Mga damdaming nakapaloob sa mithiin sa edukasyon

### 1 Pagtataguyod ng edukasyong walang iniiwan

- Anuman ang sitwasyong pang-ekonomiya ng pamilya, kapansanan, nasyonalidad, atbp, kinakailangang ang lahat ng mga bata ay makatanggap ng mataas na kalidad na edukasyon at matupad ang kanilang mga pangarap at kahilingan sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta na iniayon sa bawat indibidwal na sitwasyon upang sila ay maging sabik sa pagkatuto.
- Sa kasalukuyan, kasabay ng pagsulong ng maaga at patuloy na suporta sa mga batang may special needs, kasama na ang disabilidad sa pag-unlad, at sa pagtutok ng pagpapaunlad ng mga paaralan para sa may mga special needs, bumuo ng masasabing katangian ng edukasyon sa prefecture na ito: ang detalyadong pagtugon sa sitwasyon ng bawat bata. Kasama dito ang pagbibigay-suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon para sa pagsasarili sa lipunan ng mga dayuhang mag-aaral na siyang may mas mataas ang porsyento ng pag-eenrol kumpara sa buong bansa at ang pagbibigay ng suportang pang-edukasyon at pinansyal sa mga mag-aaral na nahihirapang pumasok sa paaralan.
- Kasabay ng pagsulong ng pagpapatuloy ng inisyatibong ito, ay angkop na tutugunan ang mga isyung lalong nagiging kumplikado at dumadami at sisikapin upang tiyak na matiwasay na makapag-aral ang mga bata at matupad ang kanilang mga pangarap at kahilingan

### 2 Pagpapabuti ng kakayahang gumawa ng masaganang kinabukasan para sa mga kabataan

- Sinisikap na sa pagkakaroon ng bawat bata ng "Maasahang pang-akademikong kakayahan", "Malaking puso", "Malusog na pangangatawan", kasabay ng pagkilala sa kanilang kabutihan at potensyal, ay mapapagyaman nila ang pang-unawa at pagsaalang-alang ng kapwa at batay dito ay aktibong hahamunin ang iba't ibang bagay nang walang takot sa pagkabigo. Nagtatrabaho din upang magkaroon ng koneksyon sa iba at mapagyaman ang kakayahan upang malampasan habang nagtutulungan ang mga mahihirap na hamon.
- Sa pagpasok ng panahon kung saan nagkakaroon ng malaking pagbabago sa lipunan at pamumuhay dahil sa pagdating ng smart technology at pag-abot sa 100 ng edad ng tao, habang binibigyang halaga ang naipong mga pagtuturo sa Mie hanggang sa ngayon, para sa kinabukasan ng edukasyon, kinakailangang makamit ang isang sustainable, sari't sari at walang kinikilingang lipunan para sa bawat batang nabubuhay sa ganitong panahon. Kinakailangan ding gumawa ng lipunang may mga pagkakasari-sari kung saan kahit sino ay maaring lumahok at magkaroon ng aktibong papel at pagyamanin ang kakayahang gumawa ng maunlad na lipunan.

### 3 Pagsulong ng edukasyon sa pamamagitan ng "All Mie"

- Ang mga bata ay lumalaki sa pamamagitan ng pagkatuto sa iba't ibang lugar tulad ng mga paaralan, bahay at komunidad. Upang suportahan ang paglaki ng mga bata at tumugon sa pagiging kumplikado at pagdami ng iba't ibang mga isyu sa edukasyon, hindi lamang mga paaralan at gobyerno kundi pati na rin ang lahat ng mga mamamayan ng prefecture ay dapat na makiisa para sa edukasyon. Kinakailangang magtulungan ang buong lipunan upang maisulong ang edukasyon dito sa prefecture para sa buong lipunan.
- Ang pamahalaan, mga paaralan at mga guro ay humaharap sa mga bata nang may mataas na layunin at misyon, at kasabay ng kooperasyon at pakikipagtulungan sa mga tahanan at komunidad, ay sisikaping ipagbuti ang mga katangian ng bawat guro at kawani at itatag ang kamalayan sa compliance para sa paglikha ng isang paaralang pinagkakatiwalaan ng mga mamamayan ng prefecture, na siyang magiging pundasyon ng naturing na kooperasyon at pakikipagtulungan.

## Sa pagpapatupad ng mga mithiin sa edukasyon

Ang mga sumusunod ay mga tungkuling inaasahan sa mga paaralan, administrasyon, tahanan at komunidad, at mga kumpanya, atbp. para sa pagsasakatuparan ng ideyang "Pagkakaisa ng suporta ng mga mamayan ng prepektura para sa edukasyon"

**Paaralan**
- Paglinang ng "kakayahan sa kasarinlan, kakayahan sa pakikisama"
- Pakikipagtulungan sa tahanan at komunidad
- Paglikha ng paaralang mapagkakatiwalaan



**Tahanan**
- "Emosyonal na suporta" ng mga bata
- Pagtaguyod ng mga pangunahing pang-araw-araw na gawain bilang "panimula ng edukasyon",pagsulong ng nagkakaisang pag-unlad ng isip at katawan

**Komunidad**
- Nagbibigay ng lugar para sa iba't ibang karanasan / interaksyon
- Pakikilahok sa pamamahala ng paaralan
- Suporta sa pangangalaga ng bata / edukasyon sa tahanan

**Mga kumpanya, atbp.**
- Gamitin ang kadalubhasaan at makilahok sa mga gawaing pang-edukasyon
- Paglikha ng lugar ng trabaho para sa suporta sa pangangalaga ng bata, pagbibigay ng trabaho sa mga taong may kapansanan, atbp.

**Administrasyon**
- Pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon
- Pagbuo ng isang ligtas, matiwasay at pinakamainam na kapaligiran para sa pag-aaral

Para sa mga detalye, mangyaring bisitahin ang website ng Mie Board of Education o makipag-ugnay sa nakasulat sa ibaba.


**Mie Prefecture at Board of Education ng Mie Prefecture**

No. 13 Koumei-cho, Tsu City, Mie Prefecture
TEL：059-224-2951
FAX：059-224-2319
E-mail：kyosei@pref.mie.lg.jp


Mga mithiin sa edukasyon sa Mie Prefecture

http://www.pref.mie.lg.jp/KYOIKU/HP/

QR Code



"Miebi"
Mascot Character ng Departmento ng Edukasyon ng Mie Prefecture

# Mga mithiin sa edukasyon sa Mie Prefecture

## Para sa paglikha ng mga kabataan ng masaganang kinabukasan

Piskal na Taong 2020
▼
Piskal na Taong 2023



Marso 2020

Mie Prefecture at Board of Education ng Mie Prefecture

Sa darating na panahon, ang bawat bata ay magkakaroon ng pag-asa para sa kinabukasan at dala ang pagnanais ng malaking pagtatagumpay para sa bawat isa, isinusulong ang sumusunod na limang **"Pangunahing Hakbang"**.

## Pangunahing Hakbang 1

## Paglilinang ng "Maasahang pang-akademikong kakayahan / Malaking puso / Malusog na pangangatawan" na magiging pundasyon ng hinaharap ng kabataan.

**Nilalayong anyo** Ang mga bata ay pinapagyaman ang kanilang "Maasahang pang-akademikong kakayahan" tulad ng kaalaman at kasanayan, kakayahan sa pag-iisip paghuhusga, at pagpapahayag, ang "Malaking puso" tulad ng pagpapahalaga sa buhay at pagsasaalang-alang ng kapwa, at ang "Malusog na pangangatawan" tulad ng mental at pisikal na kalusugan at lakas ng katawan. Kinikilala nila ang kabutihan sa kanilang sarili at dala ang kanilang mga pangarap at hangarin, ay mayroong mga kinakailangang kakayahan upang tuklasin ang kanilang potensyal nang walang takot sa pagkabigo.



**Mga hakbang**

- Paglinang ng kakayahang akademiko
- Pagsulong ng edukasyon para sa dayuhang mag-aaral
- Pagsulong ng early childhood education
- Pagsulong ng edukasyon sa karapatang pantao
- Pagsulong ng edukasyon sa moralidad
- Pagsulong ng pagbabasa at mga aktibidad sa sining at kultura
- Pagsulong ng pagpapabuti ng pisikal na kalakasan at isports sa paaralan.
- Pagsulong ng edukasyon sa kalusugan / edukasyon sa pagkain



Interactive na mga aktibidad sa pagkatuto



1 Paaralan 1 Ehersisyo (Jump rope)

### Target na halaga para sa mga pangunahing hakbang

| Parametro | Kasalukuyang halaga (Piskal na taong 2019) | Target na halaga (Piskal na taong 2023) |
|---|---|---|
| Porsyento ng mga batang ang tingin ay may maganda silang katangian | Mag-aaral sa elementarya 80.1%<br>Mag-aaral sa junior high school 74.9% | Mag-aaral sa elementarya 86.1%<br>Mag-aaral sa junior high school 80.5% |

## Pangunahing Hakbang 2

## Pagpapabuti ng kakayahang lumikha ng hinaharap sa pamamagitan ng paggamit ng sariling karakter sa pakikipagtulungan sa iba.

**Nilalayong anyo** Kahit na ang kabataan ay nasa lipunang mabilis ang pagbabago at mahirap hulaan dahil sa mabilis na pagbabago ng teknolohiya, atbp., positibo nilang tinatanggap ang mga pagbabagong ito. Dala ang kamalayan at responsibilidad bilang miyembro ng lipunan, ipinapakita nila ang kanilang sensibilidad at pagkamalikhain at mayroon silang kakayahang lumikha ng maunlad na hinaharap habang pinapahalagahan ang relasyon nila sa ibang tao.

**Mga hakbang**

- Pagpapabuti ng kakayahang makisalamuha nang may kasarinlan sa lipunan (soberanong edukasyon, edukasyon bilang mamimili, edukasyon tungkol sa kapiligiran, pag-aaral ng paglutas ng problema sa tulong ng komunidad, atbp.)
- Pagbutihin ang eduksasyon sa career
- Pagsulong ng global at lokal na edukasyon (Pag-aaral ng Ingles, Pag-aaral tungkol sa bayang kinalakihan, atbp.)
- Pagsulong ng kakayahang lumikha ng bagong makabuluhang bagay (Pag-aaral gamit ang research, edukasyong STEAM*1, edukasyon gamit ang Edtech*2, edukasyon sa programming, atbp.)



Mga klase na gumamit ng ICT

* 1 : Edukasyong STEAM: Multi-disciplinary na edukasyon upang magamit sa pag-aaral sa Agham (Science), Teknolohiya (Technology), Engineering, Liberal Arts/Edukasyon (Arts), Matematika (Mathematics), atbp. para sa paglutas ng mga problema sa totoong buhay.
* 2 : EdTech: Lahat ng inisyatibong gumagamit ng iba't ibang bagong teknolohiya tulad ng AI at big data sa edukasyon.

### Target na halaga para sa mga pangunahing hakbang

| Parametro | Kasalukuyang halaga (Piskal na taong 2019) | Target na halaga (Piskal na taong 2023) |
|---|---|---|
| Porsyento ng mga mag-aaral sa high school na nais na gamitin ang kanilang mga karapatan at gampanan ang kanilang mga responsibilidad sa lipunan bilang sariling entidad. | 62.3% | 74.3% |

## Pangunahing Hakbang 3

## Pagsulong ng special needs na edukasyon

**Nilalayong anyo** Ang mga batang may kapansanan ay nakakatanggap ng mga kinakailangang kakayahan para sa kasarinlan at pakikisalamuha sa lipunan sa pamamagitan ng pagtanggap ng patuloy na gabay at suporta mula sa mga lugar ng pag-aaral na tumutugon sa pang-edukasyong pangangalangan ng bawat indibidual. Bilang karagdagan, ang mga batang wala at may kapansanan ay natututo at nagkakaroon ng respeto para sa bawat isa sa pamamagitan ng sabay na pag-aaral sa klase at pakikisalamuha sa bawat isa sa mga events, atbp.



Boccia tournament sa mga paaralan para sa may special needs

**Mga hakbang**

- Pagsulong ng edukasyong sumusuporta sa pagkatuto ng bawat isa
- Pagsulong ng edukasyon paaralan para sa may mga special needs para sa kasarinlan at pakikisalamuha sa lipunan

### Target na halaga para sa mga pangunahing hakbang

| Parametro | Kasalukuyang halaga (Piskal na taong 2019) | Target na halaga (Piskal na taong 2023) |
|---|---|---|
| Ang porsyento ng natatanggap mula sa paaralang high school para sa mga may special needs at naghahanap ng trabaho sa mga karaniwang negosyo | 100% (Piskal na taong 2018) | 100% |

## Pangunahing Hakbang 4

## Paglikha ng ligtas at matiwasay na lugar ng pag-aaral

**Nilalayong anyo** Kasabay ng pagtuturo ng hindi pagpapalagpas ng pang-aapi at karahasan, at kakayahan upang matantiya at iwasan ang panganib, isinusulong ang mga inisyatibo ng pagpigil sa pang-aapi at karahasan at mga sistematikong hakbang upang lustasin ito, kasama na rin ang mga hakbang para sa pag-iwas sa sakuna at edukasyon ukol dito, mga hakbang para sa kaligtasan tulad ng mga kalsada para sa mga paaralan, at suporta para sa mga batang hindi pumapasok o kaya nasa kapaligirang hirap mag-aral. Naghahanda ng kapaligiran kung saan panatag na makakapag-aral ang mga bata.

**Mga hakbang**

- Paglikha ng paaralang walang pang-aapi at karahasan
- Pagsulong ng edukasyon tungkol sa disaster prevention / hakbang para sa pag-iwas dito
- Pagsiguro ng kaligtasan / katiwasayan ng kabataan
- Suporta para sa mga mag-aaral na hindi pumapasok sa paaralan
- Pagbuo ng safety net para sa pag-aaral / pagpapatuloy ng pag-aaral
- Pag-aayos ng mga pasilidad sa paaralan





Paggawa ng disaster prevention map

### Target na halaga para sa mga pangunahing hakbang

| Parametro | Kasalukuyang halaga (Piskal na taong 2019) | Target na halaga (Piskal na taong 2023) |
|---|---|---|
| Porsyento ng mga batang ramdam na matiwasay ang kanilang buhay estudyante. | Mag-aaral sa elementarya 92.0%<br>Mag-aaral sa junior high school 96.5%<br>Mag-aaral sa high school 88.9% | Mag-aaral sa elementarya 95.4%<br>Mag-aaral sa junior high school 98.7%<br>MMag-aaral sa high school 92.3% |

## Pangunahing Hakbang 5

## Paglikha ng mapagkakatiwalaang paaralan sa pakikipagtulungan sa komunidad

**Nilalayong anyo** Ang mga paaralan, magulang at komunidad ay pinag-isa ang mga layunin at mithiin, ang mga pinagkaisang aktibidad para sa edukasyon ay isinulong, at mayroong sistema upang suportahan ang pag-aaral at pag-aalaga ng bata sa buong komunidad. Bilang karagdagan, sa pag-usad ng paggawang katangi-tangi at kaakit-akit ng mga paaralan, at pagpapataas ng kakayahan sa pamumuno ng mga miyembro ng faculty at pagsasagawa ng ambisosyong pamamatnubay ay malayang natututo ang mga bata alinsunod sa kani-kanilang mga interes at layunin para sa hinaharap. Sa pagsasagawa ng edukasyon upang makuha ng masaganang pamumuhay at kakayahang matuto ay nakuha ang tiwala ng mga mamayan ng prefecture.



**Mga hakbang**

- Paglikha ng paaralang kasama ang komunidad
- Paggawang katangi-tangi at kaakit-akit ng mga paaralan
- Pagpapabuti ng mga kwalipikasyon ng faculty at staff at pagsulong ng compliance
- Pagsulong ng pagreporma ng paraan ng pagtatrabaho sa mga paaralan
- Pagpapabuti ng kakayahan sa edukasyon ng tahanan
- Pagsulong ng araling panlipunan at pagpapabuti ng kakayahan sa edukasyon ng komunidad
- Pagpepreserba / paggamit / pagpamana ng kultural na pagmamay-ari



Paglilinis kasama ng komunidad at paaralan

### Target na halaga para sa mga pangunahing hakbang

| Parametro | Kasalukuyang halaga (Piskal na taong 2019) | Target na halaga (Piskal na taong 2023) |
|---|---|---|
| Porsyento ng mga paaralang elementarya at junior high na nakikipagtulungan sa community school | 36.3% | 50.0% |